Ang sinumang nakipagpinsalaan, makikipagpinsalaan si Allāh sa kanya; at ang sinumang nakipagpahirapan, magpapahirap si Allāh sa kanya."}

Ayon kay Abū Ṣirmah (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi: "Ang sinumang nakipagpinsalaan, makikipagpinsalaan si Allāh sa kanya; at ang sinumang nakipagpahirapan, magpapahirap si Allāh sa kanya."}

[Maganda] [Nagsalaysay nito sina Imām Abū Dāwud, Imām At-Tirmidhīy, Imām Ibnu Mājah, at Imām Aḥmad]

Nagbigay-babala ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) laban sa pagpapasok ng kapinsalaan sa Muslim o paglapat ng pahirap sa kanya sa alinmang nauukol kabilang sa mga nauukol sa kanya: sa sarili niya o ari-arian niya o mag-anak niya. Ang sinumang gumawa niyon, tunay na si Allāh ay gaganti sa kanya at magpaparusa sa kanya ng kauri ng gawain niya.

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/5375